# Mga malalaking basura
## Kailangang magpareserba muna

**Paalala** Mag-ingat sa sobrang singil at iba pang problema dulot ng mga nangongolekta ng basura.

Maliliit na DVD Player, Fax at iba pa na hindi lalampas sa 15 cm ang taas, 40 cm and haba at 25 cm ang lapad.
→ **Dalhin ang maliliit na home electronic devices sa collection point**

Mga Rechargeable na Kasangkapan sa Bahay
→ **Tinatanggap sa Environmental Works Office nang walang bayad**

**1** Hanggang 7 araw bago ang takdang araw ng pangongolekta (1 linggo bago dumating ang parehong araw ng koleksyon)

### Aplikasyon

**Mag-apply sa pamamagitan ng telepono**

**Tanggapan o Center para sa mga malalaking basura**

**0120-758-530**

Oras ng pagtanggap ng reserbasyon

**9:00 A.M. - 5:00 P.M.**

(Sabado, Linggo, maliban sa katapusan at simula ng taon.)

*Tumatanggap din ng reserbasyon pag pista opisyal

Mula sa cellphone/ ibang lugar sa labas ng Aichi Prefecture **052-950-2581** (May bayad ang pagtawag)

*Kailangan nakapagsasalita ng wikang Hapon

- Sabihin ang Tirahan・Pangalan・Telepono・Kasangkapan・Dami
- Sukatin muna ang laki, materyales bago magpareserba
- Ipaaalam sa inyo ang araw ng pagkolekta・lugar ng pagtatapunan・Halagang babayaran・Numero ng pagpapareserba

**Bagay na sakop**

**Malalaking basura na higit sa sa 30cm x 30 cm x 30cm ang sukat**

Sopa / Electric fan / Stove・Fan heater / Aparador … at iba pa

**Paalala** Tanggalin ang nilalaman ng Kerosene・Baterya. na maaaring maging sanhi ng sunog ng pangkolektang trak at pagsusunugang planta.

▼

**2 Makabibili ng garbage disposal ticket (seal) para sa malalaking basura**

Makabibili ng garbage disposal ticket (seal) sa supermarket・convenience store atbp.

*Hindi maisasauli ang perang ibinayad sa biniling garbage disposal ticket (seal)

▼

**3 Ilabas ang malaking basura**

Isulat ang numero ng reserbasyon o pangalan sa garbage disposal ticket (seal), ipaskil sa lugar na madaling makita sa ibabaw ng kasangkapan at ilabas sa itinakdang lugar.

*Hindi maitatakda ang oras ng pagkolekta dahil buong araw ang pangongolekta.
*Hindi kokolektahin kung ang basura ay nasa loob ng gate o bahay.

▼

**Isang beses isang buwan ang pagkolekta** (Isinasagawa rin ang pagkoleta pag pista opisyal)

**Bilang patakaran, isinasagawa ang bahay-bahay na pangongolekta ng basura**

Ilabas **bago 8 a.m. sa itinakdang araw ng pangongolekta**

*Ang isang bahagi ng mga kasangkapan ng bahay (furniture) na maaaring magamit muli (re-use) ay kinukumpuni ng siyudad para maibenta bilang segunda manong kasangkapan.
*Ang ibinigay ninyong personal na impormasyon, pangalan, adres atpb. sa tanggapan ay gagamitin lamang sa layuning pagkolekta ng malalaking basura at kasangkapan re-use na kasangkapan at wala nang iba.

# Mga kasangkapan na sakop ng Home Appliance Recycling Law
**(Airconditioner, TV, Refrigerator, Freezer, Washing Machine・Clothes dryer)**

Hindi kinukolekta ng siyudad.Itapon ang mga ito sa pamamagitan ng pagsagawa ng alinman sa sumusunod na pamamaraan.

Airconditioner / TV / Refrigerator / Freezer / Washing Machine / Clothes Dryer

**Hilingin sa tindahan ng electrical appliances.**

- Hilingin sa home appliance store na tumatanggap ng lumang kasangkapang de-koryente o sa home appliance store na pinagbilhan ng bagong kasangkapang de koryente kung maaari nilang kolektahin ang pinaglumaang kasangkapan bilang kapalit nito.
- Isinasagawa ng karamihan sa mga tindahan ng home electrical appliances ang pagkolekta ng iba pang mga bagay bukod sa nabanggit sa itaas, kaya kailangang sumangguni sa pinakamalapit na tindahan ng home appliances sa inyong lugar.

**O kaya**

**Kung ikaw mismo ang magdadala sa nakatalagang lokasyon ng pagkolekta**

Matapos ipadala ang singil para sa pagresiklo sa post office, pumunta nang direkta sa nakatalagang lokasyon ng pagkokolektahan. Para sa mga detalye, makipag-ugnayan sa tanggapan ng Environment Works Bureau sa inyong distrito.

Home Appliance Recycling [Search]

*Maaari rin pakiusapang maghakot ang mga mangangalakal na binigyan ng permit ng siyudad ng Nagoya na dalhin sa nakatalagang lokasyong pagkokolektahan. Magtanong sa Industrial Waste Association (Nagoya City Non-Industrial Waste Cooperative (TEL961-5383) Kasaping Negosyante).
*Tumawag sa Home Appliance Ticket Center（TEL:0120-319640 https://www.rkc.aeha.or.jp/index.html）upang malaman kung ang kagamitan ay nasasakop sa Home Appliance Recycling Law.

## Personal Computer

Hindi kinukolekta ng siyudad.
Itapon ang mga ito sa pamamagitan ng pagsagawa ng alinman sa sumusunod na pamamaraan.

*Hindi lalampas sa 15 cm ang taas, 40 cm ang haba at 25 cm ang lapad ay maaring itapon sa collection box para sa maliliit na home electronic devices.


Desktop PC (PC Unit / Disp lay) / Notebook-type Personal Computer

- Kontakin ang reception desk ng mga kumpanya tungkol sa pagreresiklo ng kanilang mga produktong de-koryenteng kasangkapan.
- Tungkol sa mga computer na sariling kinumpuni, imported, computer na ginawa ng nagsara o naluging kumpanya, magtanong sa (1)) PC3R Promotion Association (TEL:03-5282-7685 http://www.pc3r.jp/) *Kailangan nakapagsasalita ng wikang Hapon.
- Printer・Scanner・External drive at iba pang aksesorya, mga itinakdang hindi maaaring maresiklo tulad ng server・work station atbp, dalhin sa kolektahan ng lungsod.

**Kung hindi nasasakop sa mga nabanggit sa itaas, may mga bagay (maliban sa mga produktong gumagamit ng fluorocarbon gas atbp.), na maaaring itapon bilang malalaking basura.**

**Paalala** **Huwag ibigay ang basura sa mga mangangalakal na walang permit mangolekta ng mga bagay na hindi na ginagamit.**
Hindi sakop ng permit ng mga kumpanyang nangongolekta ng mga basurang industriyal at ng permit ng mga negosyante ng mga lumang gamit (secondhand dealers) ang mangolekta ng basura sa mga kabahayan.

# Bakit kailangan bawasan ang dami ng basura?



**Kung babawasan ang dami ng basura...!**

Noong 1999 hindi itinuloy ng Lungsod ng Nagoya ang isinagawang plano na pagtatambak ng basura sa Fujimae Higata (wetlands) dahil sa ito ay mahalagang puntahan ng mga mandarayuhang ibon at ipinaalam sa lahat ang "malubhang sitwasyon ng basura". Pagkatapos, pinagsikapan na gawin ang lahat ng magagawa upang mabawasan ang dami ng basura ng lungsod, at bunga nito ang 40% na kabawasan sa total na dami ng basura, at naipababa sa 90% ang mga basura ibinabaon sa dagat. Kaya lamang, dahil mayroon pa ring mga nakahalong materyales sa basura na maaaring maresiklo, kailangan ng karagdagang pagsisikap upang mas mababawasan pa ang dami ng basura.

**Pahabain ang buhay ng tambakan ng basura (waste disposal site)!**
Kahit sandali ay magamit nang matagal ang lugar imbakan ng mga basura.

**Magtipid sa paggamit ng likas na yaman!**
石油
Para maiwasan ang pagkaubos ng likas na yaman.

**Para mahadlangan ang global warming!**
$CO_2$
Patungo sa pagpigil ng paglabas ng CO2.

# Sariling Hakot (May bayad)

Ito ay paraan na sariling hahakutin ng ordinaryong tao o mangangalakal at dadalhin sa pagsusunugang planta (incineration plant) atbp.

**■Paraan** Mangyaring ipaalam muna sa tanggapan ng Environmental Works Office bago dalhin ang inyong mga itatapon na bagay.

May planong baguhin ang pamamaraan mula Enero 2027. Para sa pinakabagong impormasyon tungkol sa pamamaraan ng kusang pagdadala, maaaring tingnan ito sa opisyal na website ng lungsod ng Nagoya, atbp.

**Paghiwalayin ang「Nasusunog」at「Hindi nasusunog・malalaking basura」**

▶ **Isakay sa sasakyan ang basura**
- Pinapayuhan na hindi maaaring hakutin nang sabay ang basurang「Nasusunog」at「Hindi Nasusunog・Malaking Basura.」
- Takpan ng sapin ang kargada (carriage) (Hindi maaaring gamiting panghakot ang mga van at ibang mga sasakyang may bubong ang likod)

▶ **Mag-apply sa oras na bukas ang tanggapan ng Environmental Works Office ng distrito kung saan nagmula ang basura.**
- Hindi kinakailangan ang mga paunang pagpapareserba.
- Susuriin ng tauhan ng Environmental Works Office kung tama ang ginawang pagbubukod ng basura at kung mayroon mang ipinagbabawal na bagay.

▶ **Dalhin ang basura sa pagsusunugang pasilidad at ang inisyu na approval form sa araw ng aplikasyon.** (May bisa lamang sa araw na iyon.)
- Pagkatapos timbangin, bayaran ng cash ang halaga ng pagtatapon ng basura (200 yen sa bawat 10 kg.).

- Ang oras ng tanggapan ng Environmental Works Office ay naiiba depende sa distritong pinanggalingan ng basura o sa patutunguhan ng hinakot.
- May mga bagay na kinakailangan ng pagbibigkis at ng iba pang paunang pagpoproseso, at may ilang mga bagay ang hindi maaaring dalhin.
- Ang mga maliliit at rechargeable na kasangkapan sa bahay ay tatanggapin nang walang bayad, kaya't kung maaari, dalhin ang mga ito nang hiwalay.
- Paki tingnan ang opisyal na website ng Lungsod ng Nagoya para sa mga detalye.

Sariling Hakot sa lungsod ng Nagoya [Search]

# Pagkolekta sa Nagoya

Maaaring tulungan ang mga taong nahihirapan maglabas ng basura sa lugar ng tapunan, ngunit ang pangunahing tuntunin ng pangongolekta ng mga pang-resiklo at basura ay hanggang sa harap ng pintuan ng bahay lamang.

《Mga taong sakop》
Kahit ano sa 1・2・3 na nasa ibaba, mga taong walang mahingan ng tulong sa kanilang pamilya, o kakilala na malapit sa kanilang tirahan, mga taong hindi kayang maglabas ng basura at mga pang-ressiklo nang mag-isa.

1. **May 65 taong gulang man lamang**
2. **Nangangailangan ng pangmatagalang pangangalaga o nangangailangan ng suporta**
3. **May pinanghahawakang katibayan ng pisikal na kapansanan**
   **May pinanghahawakang katibayan ng kapansanang mental**
   **May pinanghahawakang katibayan ng rehabilitasyon**

*Ang pagiging karapatdapat ay maaari pa ring ipagkaloob kung ang kasama sa bahay ay apakabata at hindi makapaglalabas ng basura.

**Sumangguni sa Environmental Works Office ng inyong distrito.**
Magkakaroon ng pagbibisita sa bahay upang alamin kung ang tao ay sakop sa mga tuntunin ng maaaring mabigyan ng tulong.

## ■Para sa mga katanungan (City Code 052)(Mag-ingat na hindi magkamali sa pag-dial) *Kailangan nakapagsasalita ng wikang Hapon

**Tungkol sa Resiklo (recycle) at Basura sa Distrito ng inyong Tirahan** ●Oras ng Konsultasyon 8:00 A.M. – 4:45P.M. ●Paki tawagan ang Environmental Works Office sa inyong distrito

| Office | TEL | FAX | Office | TEL | FAX |
|---|---|---|---|---|---|
| Chikusa Environmental Works Office | 771-0424 | 771-5113 | Atsuta Environmental Works Office | 671-2200 | 671-2290 |
| Higashi Environmental Works Office | 723-5311 | 723-5320 | Nakagawa Environmental Works Office | 361-7638 | 354-4389 |
| Kita Environmental Works Office | 981-0421 | 981-5399 | Minato Environmental Works Office | 382-3575 | 384-0562 |
| Nishi Environmental Works Office | 522-4126 | 522-8376 | Minami Environmental Works Office | 614-6220 | 614-6223 |
| Nakamura Environmental Works Office | 481-5391 | 471-5043 | Moriyama Environmental Works Office | 798-3771 | 798-3772 |
| Naka Environmental Works Office | 251-1735 | 251-1736 | Midori Environmental Works Office | 891-0976 | 891-0276 |
| Showa Environmental Works Office | 871-0504 | 871-0505 | Meito Environmental Works Office | 773-3214 | 773-3215 |
| Mizuho Environmental Works Office | 882-5300 | 882-5305 | Tempaku Environmental Works Office | 833-4031 | 833-6823 |

**Tungkol sa pagresiklo at pagkolekta ng mga basura**
Environmental Affairs Bureau, Operations Department,Industry Division TEL 972-2394 FAX 972-4133

**Tungkol sa pagresiklo at pangangalakal ng basura**
Environmental Affairs Bureau,Resource Circulation Department, Resource Circulation Promotion Division TEL 972-2390 FAX 972-4133

**Tungkol sa Pagbabawas ng Basura**
Environmental Affairs Bureau, Resource Circulation Department,Resource Circulation Planning Division TEL 972-2398 FAX 972-4133

**Tungkol sa mangangalakal na may permit**
Environmental Affairs Bureau, Operations Department, Waste Management Regulation Division TEL 972-2683 FAX 972-4132

**Tanggapan o Center para sa mga malalaking basura**
Mag-apply sa pamamagitan ng telepono
**0120-758-530**
Mula sa cellphone/ Ibang lugar sa labas ng Aichi Pref. **052-950-2581**
*Kailangan nakapagsasalita ng Hapon

Kung makakita ng **iligal na pagtatapon** sa pampublikong kalsada.
Ekslusibong FAX
**0120-245-318**
O di kaya, sa pinakamalapit na tanggapan ng Environmental Works Office

**Opisyal na website ng lungsod（https://www.city.nagoya.jp/）**

■発行/令和8年3月

# Pagbawas ng Basura sa Nagoya·Gabay sa Pagresiklo (Recycle)
（フィリピノ語）

Ilabas ang mga basura at mga pangresiklo sa itinakdang lugar at araw **ng pagkolekta bago mag 8 a.m. (7a.m. sa Naka Ward).**
Isinasagawa rin ang pagkolekta ng mga basura pag pista opisyal.
*Maaaring maiba ang oras ng pagngongolekta batay sa sitwasyon ng trapiko, naibang ruta atbp.
May nakatakdang araw ng koleksiyon ang bawat pook o lugar. **Bilugan ang araw ng pagkolekta ng basura** sa inyong lugar sa bawat kategorya ng pagbubukod ng basura na nasa ibaba. (Inilalathala sa Nagoya Newsletter (Kouhou Nagoya) atbp.ang takdang araw ng pangongolekta ng basura para sa katapusan at simula ng taon)

Tingnan dito ang mga nareresiklo at basura

**Bilang patakaran, isinasagawa ang bahay-bahay na pangongolekta ng basura**
(May pagkakataon na kailangan dalhin ang basura sa itinakdang lugar upang makolekta, base sa sitwasyon ng pook.)

| Kategorya ng pagbubukod | Mga pangunahing bagay | Ilang beses | Araw ng pagkolekta (*Tingnan at bilugan ang araw ng pagkolekta sa inyong lugar) | Itinakdang supot |
|---|---|---|---|---|
| Mga basurang nasusunog | Nabubulok na basura (Patuluin nang mabuti ang tubig); Produktong may halong metal (na mas marami ang plastik); Mga bagay na yari sa balat・goma | Dalawang beses isang linggo | Lunes / Huwebes 月・木 | |
| Mga bagay na madaling magliyab at mapanganib | Lata ng spray ng pamatay-insekto atbp.; LP gas cartridge; Mga sigarilyong pinaiinit Elektronik na sigarilyo (E-cigarette); Disposable lighter. **Ubusin ang laman ng lata ng spray. Huwag butasan ang latang ilalabas para itapon!!** | | Martes / Biyernes 火・金 | ★ |
| Mga basurang hindi nasusunog | Mga kawali, kaldero; Mga babasagin at seramiko; Gunting | Isang beses isang buwan | Unang 第1 / Ikalawang 第2 / Ikatlong 第3 / Ikaapat 第4; Miyerkules 水 / Huwebes 木 / Biyernes 金. (Hal.)「Ikatlong Miyerkules」→ Ikatlong Miyerkules ng buwan | |
| Mga malalaking basura (May bayad) Kailangang magpareserba muna | ●Lagpas sa 30cm x 30 cm x 30 cm: Sopa; Stove・Fan heater; Aparador | Isang beses isang buwan | Unang 第1 / Ikalawang 第2 / Ikatlong 第3 / Ikaapat 第4; Miyerkules 水 / Huwebes 木 / Biyernes 金. (Hal.)「Ikaapat na Miyerkules」→ Ikaapat na Miyerkules ng buwan | Mag-apply sa pamamagitan ng telepono. Tanggapan o Center para sa mga malalaking basura 0120-758-530. Mula sa cellphone/ Ibang lugar sa labas ng Aichi Pref. 052-950-2581 *Kailangan nakapagsasalita ng Hapon |
| Mga Uri ng Baterya | Mga Bateryang Alkaline / Mga Bateryang Manganese Dry (アルカリ / マンガン); Lithium battery (リチウム 3V); Button-type na baterya; Maliliit na rechargeable na baterya; Mga Portable na Charger | Isang beses isang linggo | Lunes 月 / Martes 火 / Miyerkules 水 / Huwebes 木 / Biyernes 金 | Anumang walang kulay na naaaninag ang mga nilalaman na supot maliban sa mga itinakdang supot |
| Nareresiklo: Nareresiklong mga plastik | Mga lalagyan at paketeng yari sa plastik (プラ): Mga pinagbalutan; Pakete・Basong plastik; Lalagyang plastik; Mga styrofoam. Produktong yari sa plastik *Mga bagay na gawa sa plastik lamang.: Sipilyo; Tupperware; Palanggana; Triangle corner; Hanger | | | ★ |

**Pagkolekta ng mga basura sa estasyon — Nareresiklo**

| Kategorya ng pagbubukod | Mga pangunahing bagay | Ilang beses | Araw ng pagkolekta | Itinakdang supot |
|---|---|---|---|---|
| Mga lalagyan at paketeng yari sa papel・Sarisaring papel | Mga lalagyan at paketeng yari sa papel (紙): Kahon ng biskwit, atbp.; Papel na supot; Pinambalot na papel; Kahon ng alak, juice (Kahon na may nakadikit na aluminum lining sa loob nito). Sarisaring papel: Mga flyer at mga pamplet; Copy paper; Mga karton sa gitna ng toilet paper at plastic wrap; Notebook | Isang beses isang linggo | Lunes 月 / Martes 火 / Miyerkules 水 / Huwebes 木 / Biyernes 金. Ibukod ayon sa uri bago ilabas | ★ |
| PET Bottle (PET 1) | Tanggalin ang takip・nakadikit na label. Mga takip / Mga labels: Itapon sa mga nareresiklong plastik. ●Itapon ang mga yari sa plastik sa nareresiklong mga plastik. ●Ang iba ay sa mga basurang nasusunog. ●Hayaan na lamang nakadikit ang mga hindi natatanggal. | | | ★ |
| Boteng walang laman (Ginamit para sa mga inumin, pagkain, kosmetiko atbp.) | Tanggalin ang takip. Mga takip: ●Iitapon ang mga yari sa plastik sa nareresiklong mga plastik ●Itapon ang metal na takip sa basurang hindi nasusunog. | | | *Ilabas sa supot at diretsong ilagay sa basket na kulay bughaw |
| Latang walang laman (Ginamit para sa inumin, pagkain atbp.) | | | | Nakagawa, Minato Ward ▶ *Ilabas sa supot at diretsong ilagay sa basket na kulay dilaw. Ibang distrito maliban sa distritong nakalahad sa itaas ▶ ★ |

*Kung hindi alam ang lugar ng estasyon ng pagkokolektahan ng mga basurang nareresiklo, magtanong sa mga taong nakatira sa inyong lugar o sa tanggapan ng Environmental Works Office sa inyong distrito.
★ Hindi maaaring gamitin ang mga supot para sa mga basurang nasusunog at hindi nasusunog. Maaaring gamitin ang mga naaaninag ang nilalaman na supot na hindi na kailangan sa bahay para sa pagtapon ng mga nareresiklo na hanggang 45liters ang laki.

**Grupong Nangongolekta ng mga Nareresiklo**

Diyaryo・Magasin
Sarisaring papel
Karton
Paketeng yari sa papel (Tetrapak)
Damit・Tela
Mga aluminum na lata

Ipinaaalam ang araw ng pagkolekta sa pamamagitan ng「sirkular na ipina-iikot sa bahay bahay・bulletin board」o di kaya sa Environmental Works Office・Waste Reduction Department, Reduction Promotion Office na malapit sa inyong lugar.

**Araw ng pagkolekta**

**Para hindi makalimutan!**

**Upang madaling malaman ang Itinakdang araw ng pangongolekta**

**Ang App ng Pag-resiklo at Pagbubukod ng mga basura さんあ〜る(3R)**

Ito ay aplikasyon sa smartphone na kung saan madaling mahanap ang paraan ng pagbubukod ng mga basura at makatatanggap din ng notipikasyon tungkol sa araw ng pangongolekta ng basura at mga pangresiklo.

Para sa gumagamit ng Iphone / Para sa gumagamit ng Android

**Salin sa mga wikang**
日本語 / English / 中文 / 한국어 / Português / Español / Filipino / Tiếng Việt / नेपाली

名古屋市 さんあ〜る [Search]

